



lalawigan ng
san diego

Ang Ating Sweetwater Watershed

Ang mga watershed ay mga lupaing inaagusan ng tubig ng mga batis, lawa at ilog papunta sa mga karaniwang mababang lugar - kadalasang karagatan.

Ang Sweetwater Watershed ay 1 sa 11 na watershed na nasa Lalawigan ng San Diego. Ito ay isa sa tatlong partikular na watershed ng distrito na bumubuo sa San Diego Bay Watershed Management Area. Ang Sweetwater Watershed ay nagsisimula sa mga bundok na nasa silangan ng Cuyamaca Rancho State Park at umaagos hanggang sa San Diego Bay sa National City. Kung kayo ay nakatira sa loob ng watershed na ito, maaaring makatulong ang inyong mga ginagawa sa inyong bahay at sa inyong komunidad upang mapaganda ang kalidad ng tubig sa ating mga ilog, lawa at karagatan.

Umaasa tayo sa ating mga watershed ng higit sa inyong inaakala.

Kapag tayo ay nangingisda sa Sweetwater Reservoir, nagka-camp sa Sweetwater Regional Park, o simpleng umiinom ng tubig, ginagamit natin ang resources ng ating watershed.



Mapa ng Sweetwater Watershed



Maaari Nating Pangalagaan ang Ating mga Watershed sa Kaunting Hakbang Lang!

Ang tubig na dumadaloy sa ating watershed ay nakakakuha ng mga dumi tulad ng basura at bakteryang, na maaaring magpadumi sa ating mga daanan ng tubig. **Ang unang prayoridad sa Sweetwater Watershed ay ang maiwasan ang polusyon mula sa basura, kabilang na ang green waste.** Bilang mga residente, nasa atin kung paano ito pananatilihin malinis. Kapag pinagsama-sama ang kilos ng bawat indibidwal, magdudulot ito ng malalaking pagbabago.

Maaari kayong tumulong na protektahan ang ating watershed sa pamamagitan ng paggawa ng mga simpleng aksyon na ito upang maiwasan ang polusyon:



Basura | kabilang ang green waste

- Itapon ang lahat ng mga basura sa itinakdang mga lalagyan at panatilihin sarado ang mga takip.
- Bisitahin ang <https://wastefreesd.org/> upang malaman kung paano magtapon o mag-recycle ng mga partikular na bagay.



Bakteryang | nakikita sa basura at imburnal

- Panatilihin walang basura mula sa dumi ng hayop ang inyong bakuran. Magdala ng mga bag kapag ipinapasyal ang inyong alaga at itapon nang maayos ang kanilang dumi sa mga itinakdang lalagyan.
- Pangalagaan ang inyong imburnal o septic system. Ireport kaagad ang mga tagas o tapon mula sa imburnal sa 858-505-6657.
- Maayos na itapon ang RV sewage sa mga itinakdang dump station.

Ang Lalawigan ng San Diego at ang mga partner nito ay nagtutulungan din upang mapanatiling maayos ang ating mga watershed.

Kung nais ninyong malaman pa ang tungkol sa mga pagsisikap na ito sa Sweetwater Watershed bilang bahagi ng San Diego Bay Watershed, bisitahin ang www.projectcleanwater.org/san-diego-bay-wma/

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon o para Magreport ng Polusyon. 1-888-846-0800
watersheds@sdcounty.ca.gov ■ www.sandiegocounty.gov/stormwater